4

# Filipino

## Ikaapat na Markahan
## Sariling Linangin Kit 3:
## Pagpupulong at Katitikan



SELF-LEARNING MODULE

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Filipino – Ikaapat na Baitang**
**Ikaapat na Markahan – Sariling Linangan Kit 3: Pagpupulong at Katitikan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon XI

**Bumubuo sa Pagsusulat ng Sariling Linangan Kit**

**Manunulat:** Linly M. Dioso

**Editor:** Ligaya L. Perez

**Tagasuri:** Rene P. Sultan, Ligaya L. Perez,

**Tagaguhit:** Hareld O. Candari

**Tagagawa ng Template**: Neil Edward D. Diaz

**Tagapamahala:**

| | |
|---|---|
| Allan G. Farnazo | Reynaldo M. Guillena |
| Mary Jeane B. Aldeguer | Alma C. Cifra |
| Analiza C. Almazan | Aris B. Juanillo |
| Ma. Cielo D. Estrada | Mary Ann M. Jumuad |
| Mary Jane M. Mejorada | Rene P. Sultan |

**Inilimbag sa Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon XI**

**Department of Education – Sangay ng Lungsod ng Davao**

Office Address: Daang E. Quirino, Lungsod ng Davao

Telefax: (082) 2274726

E-mail Address: davaocitydivision@deped.gov.ph

# 4

# Filipino

## Ikaapat na Markahan
## Sariling Linangan Kit 3:
## Pagpupulong at Katitikan

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

## Para sa tagapagdaloy:

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang sariling linangan kit na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa sariling linangan kit.

## Para sa mag-aaral:

Ang sariling linangan kit na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang sumusunod ay mga paalala kung paano gagamitin ang sariling linangan kit:

1. Gamitin ang sariling linangan nang may pag-iingat. Huwag susulatan ang bawat pahina nito. Gumamit ng ibang papel na maaaring sulatan ng mga kasagutan mula sa iba't ibang kasanayan.
2. Huwag kalimutang sagutan and *Subukin Natin* bago dumako sa susunod na gawain.
3. Basahin at unawaing mabuti ang mga panuto bago isagawa ang mga gawain.
4. Inaasahan ang inyong katapatan at integridad sa pagsagawa, pagsagot at pagwawasto ng mga gawain.
5. Tapusin muna ang kahingian ng bawat bahagi bago pa dumako sa susunod na gawain.
6. Isauli/ Ipasa ang sariling linangan sa inyong guro o tagapagdaloy pagkatapos ng mga gawain.

Kung may mga bahaging nahihirapan kayo sa pagsagot sa mga inilaang gawain, huwag mag-atubiling komunsulta sa inyong guro o tagapagdaloy. Tandaan na hindi ka nag-iisa sa gawaing ito. Inaasahan namin na sa pamamagitan ng modyul na ito, ay mararanasan mo ang isang makabuluhan, masining at malalim na pagkatuto at pag-unawa sa mga kasanayang pampagkatuto. Kaya mo iyan!

## Alamin Natin

Magandang araw sa iyo! Alam kong handang-handa ka na para sa bagong aralin.

Sa SLK na ito, inaasahang maisasakatuparan ang sumusunod:

1. Nasasagot ang mga tanong sa nabasa o napakinggang pagpupulong (pormal at di-pormal), katitikan (minutes) ng pagpupulong.
2. Nagagamit ang mga uri ng pangungusap sa pormal na pagpupulong.
3. Nakasusulat ng minutes ng pagpupulong.

Handa ka na ba? Alam kong kayang-kaya mo ito!

## Subukin Natin

Basahin ang isang pagpupulong.

Aktibo ang Samahang Kabayani ng Paaralang Bagong Pag-asa. Simula nang itatag ang samahan, nagpupulong ang mga kasapi sa silid ng kanilang guro sa HEKASI. Ganito ang pag-uusap nila sa pagpupulong:

***Pangulo***: Magandang hapon sa inyo. Inihayag ko na sisimulan natin ang pulong. Bb. Kalihim, pakibasa ang katitikan ng unang pulong.

***Kalihim***: Magandang hapon sa lahat. Ginanap ang unang pulong noong Hunyo 15, 2018, ganap na ika-2:00 ng hapon ng paksang tinalakay ay tungkol sa pagdaraos ng buwanang palatuntunan bilang parangal sa bayani na isinilang sa bawat buwan.

***Pangulo***: Iminumungkahi ko na pagtibayin ang katitikan ng

nasabing pulong.

***Pangalawang Pangulo***: Pinapangalawahan ko.

***Pangulo***: Ngayon naman ay pag-usapan natin kung paano isasagawa ang palatuntunan.

***Tagapagbalita***: Iminumungkahi ko na humingi tayo ng payo sa ating guro tungkol dito.

***Pangulo***: Magandang mungkahi. Sang-ayon ba kayo?

(Nagtaas ng kamay ang lahat)

***Guro***: Ang palatuntunan ay gaganapin tuwing unang Lunes ng buwan pagkatapos ng pagpupugay sa watawat. Ang bawat baitang ay mamamahala sa palatuntunan. Maikli lang ang palatuntunan na nagtatampok sa kadakilaan ng bayani. Ito ay maaaring ipakita sa pamamagitan ng dula, awit, tula, akrostiks, sayaw at iba pa.

***Tagapagbalita***: Maaari po bang magtanong? Kailan po magsisimula.

***Guro***: Sa buwan ng Hulyo.

***Pangulo***: Salamat po Bb. David. Mayroon pa ba kayong nais maliwanagan? (Walang nagtaas ng kamay)
Kung gayon, itinitindig ko na ang pagpupulong sa araw na ito.

*Pinagkunan: Gintong Aklat sa Wika 6, ni Greta R. Estrella, pahina 8-11*

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong tungkol sa nabasang pagpupulong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Anong samahan ang nagpulong?

   ______________________________________________

2. Ano ang paksa ng kanilang pulong?

   ______________________________________________

3. Saan ito ginanap?

_______________________________________________

4. Naging maayos ba ang pulong? Bakit?

_______________________________________________

5. Paano nila isasagawa ang palatuntunang parangal sa mga bayani?

_______________________________________________

## Aralin Natin

Tukuyin ang uri ng pangungusap na ginamit sa kapulungan. Piliin ang sagot sa kahon at isulat sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| Patanong | Pasalaysay |
| Padamdam | Pautos/Pakiusap |

1. Ginanap ang unang pulong noong Hunyo 15, 2018, ganap na ika- 2:00 ng hapon.
2. Ang paksang tinalakay ay tungkol sa pagdaraos ng buwanang palatuntunan bilang parangal sa bayani na isinilang sa bawat buwan.
3. Sang-ayon ba kayo sa mungkahi?
4. Maaari po bang magtanong?
5. Maraming salamat! Aking ikinagagalak ang inyong pagdalo.

Ang pagpupulong sa paaralan, sa pamayanan o maging sa simbahan ay ginagamitan ng iba't ibang uri ng pangungusap at mga ekspresyon upang maging maayos ang pagtatalakayan ng mga kasapi.

**A. Narito ang mga uri ng pangungusap:**

1. **Pasalaysay o Paturol** – ito ay pangungusap na nagsasalaysay o nagbibigay impormasyon, naglalarawan, o

nagpapaliwanag tungkol sa isang paksa. Nagtatapos ito sa bantas na tuldok.

Halimbawa:
Ginanap ang pulong noong Hunyo 15 ganap na ika-2:00 ng ng hapon

2. **Patanong** – ito ay pangungusap na nag-uusisa o nagtatanong. Nagtatapos ito sa bantas na tandang pananong.

   Halimbawa:
   Sang-ayon ba kayo sa mungkahi?

3. **Pautos o Pakiusap** – ito ay pangungusap na nagsasaad ng utos o pakiusap. Ang pautos ay nagtatapos sa tuldok. Ang pakiusap ay gumagamit ng mga salitang <u>maaari ba</u>, <u>paki o puwede ba</u>. Nagtatapos din ito sa tuldok subalit may mga pagkakataong nagtatapos ito sa tandang pananong lalo na kapag ginagamitan ng mga salitang maaari ba o puwede ba.

   Halimbawa:
   Maaari po bang magtanong? (pakiusap)
   Bb. Kalihim, basahin ang katitikan ng unang pulong. (pautos)

4. **Padamdam** –ito ay pangungusap na nagpapahayag ng matinding damdamin tulad ng tuwa, lungkot, sakit, galit, o gulat. Gumagamit ito ng bantas na tandang padamdam.

   Halimbawa:
   Maraming salamat! Aking ikinagagalak ang inyong pagdalo.

**B. Dapat gumamit din ng magagalang na pananalita tulad ng sumusunod:**

1. **Sa namumuno**
   - Sisimulan natin ang pulong
   - Ang layon ng pulong na ito ay __________
   - Mangyaring basahin ng kalihim ang katitikan
   - Mayroon bang tutol sa binasang katitikan?
   - Kung wala ay pinagtibay natin ang katitikan
   - Ang susunod na pag-uusapan ay ____________
   - Ang panguluhan ay tumatanggap ng _________
   - Iminumungkahi at pinangalawahan na __________
   - Mangyaring tumayo/itaas ang kanang kamay ng sumang-ayon
   - Itaas ang kaliwang kamay ng tumututol
   - Ang mungkahi ay pinagtibay
   - Handa na ba kayo sa botohan?
   - Kung wala, itinitindig ko na ang pagpupulong.

2. **Sa Kasapi**
   - Ginoong pangulo, magalang ko pong iminumungkahi na ____________
   - Ipinapayo ko pong ______________
   - Iminumungkahi ko pong muling pag-usapan ang tungkol sa ___________- Maaari po ba akong magsalita, G. Pangulo?
   - Iminumungkahi ko pong pagpasyalan ng panguluhan kung _____________
   - Tila wala po sa ayos ang ipinahayag ng nagsasalita tungkol sa _____________

*Pinagkunan: Gintong Aklat sa Wika 6, ni Greta R. Estrella, pahina 8-11*

## Gawin Natin

Balikan ang usapan sa pagpupulong. Ano-ano ang mga ekspresyon/pangungusap na ginamit sa iba't ibang pagkakataon sa pulong? Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. sa pagsisimula ng pulong

   ____________________________________________

2. bago ang pagbasa ng katitikan ng kalihim

   ____________________________________________

3. sa pagbibigay ng mungkahi

   ____________________________________________

4. sa pagpapatibay ng mungkahi

   ____________________________________________

5. sa pagtatapos ng pagpupulong

   ____________________________________________

## Sanayin Natin

Sitwasyon: Ipagpalagay mong ikaw ang pangulo ng samahan sa inyong paaralan.

**Panuto A:** Punan ng wastong ekspresyon ang sumusunod na uri ng pangungusap upang mabuo ang pagpupulong. Isulat sa sagutang papel.

- Sa simula ng pulong

1. ________________ ang ating pagpupulong sa oras ng ika-2:00 ng hapon, Hulyo 3, 2020.

- Sa pagtawag sa kalihim na babasa ng katitikan sa nakaraang pulong:

2. ________________pakibasa mo ang 3. ____________sa nakaraang pulong?

- Sa pagpapasya tungkol sa mungkahing iniharap:

4. _____________ ba kayo sa mungkahi?
5. _____________ang kanang kamay ng sumang-ayon.

- Sa pagpapatibay ng mungkahi:

Kung walang tumututol 6. ______________________
ko ang mungkahing Buwanang Pagdadaos ng Araw ng Pagpapahalaga sa Kalikasan.

- Sa pagtatapos ng pagpulong:

7. _______________ ko na ang pagpupulong sa araw na ito sa ganap na ika-4:00 ng hapon.

**Panuto B:** Sumulat ng katitikan sa nabuong pagpupulong. Maaaring magbigay ng sariling sagot sa mga bahaging hindi mahahanap sa nabuong kapulungan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Lugar na idinaos ang pagpupulong: ________________
2. Petsa: ___________________
3. Oras ng Pagsisimula ng Pulong: ____________________
4. Tagapangulo: _________________________
5. Mga Pangalan ng Dumalo sa Pulong:

   ________________________  ________________________
   ________________________  ________________________
   ________________________  ________________________

6. Mga Hindi Nakadalo sa Pulong:

   ________________________  ________________________
   ________________________  ________________________

7. Paksa ng Pagpupulong:

   ________________________________________________________
   ________________________________________________________

8. Mga Pinag-usapan at Napagkasunduan sa Pulong:
   ________________________________________________
   ________________________________________________
   ________________________________________________
9. Oras na Natapos ang Pulong: ________________________

## Tandaan Natin

Isaisip mo na ang pagpupulong sa paaralan, sa pamayanan o maging sa simbahan ay ginagamitan ng iba't ibang uri ng pangungusap at mga ekspresyon upang maging maayos ang pagtatalakayan ng mga kasapi.

## Suriin Natin

Natutuwa ako at naabot mo ang bahaging ito. Magaling!

Ngayon ay basahin ang isang kapulungang pambarangay. Sagutin ang mga kasunod na tanong at isulat sa sagutang papel.

**May Kapulungang Pambarangay sa Barangay Masikap**

***Puno ng Barangay/ Tagapangulo***: Magandang umaga po sa inyong lahat. Ngayon ay Agosto 21, 2019, araw ng Huwebes, ika-1:00 ng hapon. Nais kong hilingin ang kaayusan ng pulong. Nais kong tawagan ang Kalihim ng Barangay para malaman ang *attendance* o kasapian ng mga miyembrong dumalo ngayon.

***Kalihim:*** Magandang umaga po. Tatawagin kong isa-isa ang ngalan ng mga kasapi. Maaari po silang sumagot ng "Narito" o "Narito Po". G. Pangulo, nais ko pong iulat na 50 miyembro and dumalo at anim naman po ang nagliban. Mayroon po tayong *quorum*.

***Tagapangulo***: Mangyaring basahin din ng Kalihim ang katitikan ng nakaraang pulong. (Babasahin ng kalihim ang katitikan ng nakaraang pulong.) Isa lamang po ang paksa natin. Ito ang pagpaplano ng mga gawaing kaugnay ng temang "Save Mother Earth". Bukas na ang mesa para sa inyong mga plano o mungkahing gawain. Miyembro 1: Iminumungkahi ko pong linawin muna sa atin ng kagalang-galang na Tagapangulo/Puno ng Barangay ang ibig sabihin at layunin ng proyektong kaniyang binanggit.

***Tagapangulo***: Maganda ang iyong mungkahi. Layunin po ng proyektong 'Save Mother Earth" na iligtas ang mundo sa kinakaharap na panganib. Patuloy ang pagkakalbo sa ating lugar tuwing umuulan. Nagkalat din ang basura sa ating barangay at sinusunog naman ng iba ang *plastic* na nagdudulot ng grabeng polusyon sa hangin at ng pagkabutas ng *ozone layer*, na nagsisilbing *screen* o pananggalang natin para hindi tayo direktang maapektuhan ng *ultraviolet* rays ng araw, maaaring masunog ang ating mga balat, pati na ang mga hayop at halaman sa paligid. Nagiging sanhi rin ito ng pagkakaroon ng malalang sakit sa balat tulad ng *cancer*.

***Miyembro 1:*** Maraming salamat po, Kgg. na Tagapangulo.Grabe po ang epekto sa atin, pati na sa mga hayop at halaman ng *ultraviolet rays* ng araw. Dapat nga pala tayong kumilos o gumawa ng mga paraan para hindi mabutas ang ating *ozone layer*!

***Tagapangulo***: Bukas na ang mesa sa pagtanggap ng inyong mga mungkahi para sa pagtataguyod ng proyektong 'Save Mother Earth".

***Miyembro 2***: Magalang ko pong iminumungkahing ipagpatuloy natin ang sinimulang proyekto ng dating Pangulong Marcos, ang "Tree Planting".

***Tagapangulo***: Tinatanggap ang iyong mungkahi. Mangyaring isulat / itala ng ating Kalihim ang mga mungkahing ibibigay ng iba pang myembro.

***Miyembro 3***: Magalang ko pong iminumungkahing maglinis tayo ng mga estero at kanal na malapit sa ating bahay araw-araw.

***Miyembro 4:*** Magalang ko rin pong iminumungkahing ipatupad ang kautusang pambarangay tungkol sa wastong pagtapon ng basura o tamang *waste management / segregation*.

***Miyembro 5:*** Magalang ko pong iminumungkahing magtulung-tulong tayong magtanim ng maraming punongkahoy at magsagawa ng *reforestation*.

***Miyembro 6***: Magalang ko pong iminumosyong sarhan na ang mesa sa pagtanggap ng mga mungkahi.

***Miyembro 7***: Pinapangalawahan ko po.

***Tagapangulo***: Iminosyon ni Karlos na sarhan na ang mesa sa pagtanggap ng mga mungkahi at pinangalawahan naman ito ni Zeny. May tutol ba sa mosyong ibinigay? Kung wala, hinihingi ko na ang pasya ng kapulungan. Isa-isa kong babasahin ang bawat mungkahing ibinigay ninyo. Kung sumasang-ayon kayo, mangyaring itaas ang kanang kamay. Itataas ang kaliwang kamay naman kung tutol. Mga Kabarangay, ayon sa desisyon ng nakararami, lahat na mungkahing ibinigay ninyo ay pinagtitibay ng kapulungan

***Miyembro 9***: Kailan po natin sisimulan ang mga mungkahing gawain sa pagtataguyod ng proyektong, "Save Mother Earth"?

***Miyembro 10***: Iminumungkahi ko pong simulan na ito agad, pag-uwi natin.

***Tagapangulo***: Bilang pagwawakas, nais kong malaman kung sino ang handang magsagawa agad ng mga mungkahing pinagtibay ng kapulungan. (Nagtaas ng kamay ang lahat.) Maraming salamat sa inyong pakikiisa sa pagtaguyod ng proyektong "Save Mother Earth". Ngayon, sa oras na ika-4:00 ng hapon, itinitindig ko na ang pagpupulong. Magandang hapon po sa kanilang lahat.

*Pinagkunan: Mga Banghay – Aralin ni Benedicta T. Bernardino-Gomez, 2005*

**Panuto A**: Isulat ang iyong sagot sa isa o dalawang pangungusap at isulat sa sagutang papel.

1. Paano hiniling ng Tagapangulo ang kaayusan sa pagpupulong? Anong ekspresyon ang kaniyang ginamit?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Paano sinimulan ng Tagapangulo ang pagpapabigay ng mga mungkahi? Anong ekspresyon ang kaniyang sinabi?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Paano nagbigay ng mungkahi ang mga dumalo sa pulong? Ulitin ang ekspresyong ginamit nila?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

4. Nang marami na ang mungkahi, ano ang sinabi ng isa sa mga dumalo sa pulong? Ulitin ito.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

5. Ano ang ginawa ng Tagapangulo sa mosyong ibinigay? Ulitin ang ekspresyong ginamit niya.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

6. Anong ekspresyon ang ginamit ng Tagapangulo para makuha ang pasya o desisyon ng nakararami?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

7. Ulitin ang sinabi ng Tagapangulo sa pagwawakas ng pulong.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

**Panuto B**: Punan ng mga impormasyon upang mabuo ang katitikan. Gawin sa sagutang papel

1. Lugar ng pinagdausan: ___________________________________
2. Petsa:_____________________________________________________
3. Oras ng Pagsimula ng Pulong: ____________________________
4. Tagapangulo: ____________________________________________
5. Bilang ng Dumalo sa Pulong: _____________________________
6. Bilang ng mga Hindi Nakadalo sa Pulong: _________________
7. Paksa:
   __________________________________________________________
8. Mga PInag-usapan at Napagkasunduan sa Pulong:

   A. _______________________________________________________
   B. _______________________________________________________
   C. _______________________________________________________
   D. _______________________________________________________

9. Oras na Natapos ang Pulong: ______________________________

**Panuto C:** Piliin ang titik ng wastong sagot sa bawat tanong at isulat sa sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod na pangungusap ang ginagamit sa pormal na pagpupulong na nagsasalaysay?
   A. Ano ang layunin ng proyekto?
   B. Dapat na pala tayong kumilos!
   C. Maari po nating pakinggan ang kanyang mungkahi.
   D. Layunin po ng proyektong “Save Mother Earth” na iligtas ang mundo sa kinakaharap na panganib.

2. Sa pormal na pagpupulong, ginagamit ang mga pangungusap na patanong. Alin sa sumusunod ang tama?
   A. Dapat talakayin natin ang kanyang mosyon.
   B. Iminumungkahi ko pong simulan na ito agad, pag-uwi natin.
   C. Magalang ko pong iminumosyong sarhan na ang mesa sa pagtanggap ng mga mungkahi.
   D. Kailan po natin sisimulan ang mungkahing Gawain sa pagtataguyod ng proyektong, “Save Mother Earth”?

3. Alin naman ang wastong pagkakagamit ng pangungusap na pautos sa pormal na pagpupulong?
   A. Mangyaring basahin ng Kalihim ang katitikan ng nakaraang pulong.
   B. Ngayon, sa oras na ika-4:00 ng hapon, itinitindig ko na ang pagpupulong.
   C. Layunin po ng proyektong “Save Mother Earth” na iligtas ang mundo sa kinakaharap na panganib.
   D. Iminosyon ni Karlos na sarhan na ang mesa sa pagtanggap ng mga mungkahi at pinangalawahan naman ito ni Zeny.

4. Piliin ang wastong pagkakagamit ng pangungusap na nagsasaad ng matinding damdamin o padamdam.
   A. Maari po nating pakinggan ang kaniyang mungkahi.
   B. Layunin po ng proyektong “Save Mother Earth” na iligtas ang mundo sa kinakaharap na panganib.
   C. Dapat nga pala tayong kumilos o gumawa ng mga paraan para hindi mabutas ang ating ozone layer!
   D. Kailan po natin sisimulan ang mungkahing Gawain sa pagtataguyod ng proyektong, “Save Mother Earth”?

## Payabungin Natin

**Panuto A:** Pagtambalin ang magka-angkop na ekspresyon ng Hanay A, sa wikang Ingles at Hanay B, sa wikang Filipino.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Chairperson | A. Mga paksang pag-uusapan |
| 2. Approve | B. Katitikan |
| 3. Attendance | C. Mungkahi |
| 4. Call to order | D. Mosyon |
| 5. in favor | E. Tapusin o Itindig ang pulong |
| 6. decision | F. Tagapangulo |
| 7. discussion | G. pinapangalawahan ang mosyon |
| 8. division of the house | H. Pinagtibay/Pagtibayin |
| 9. Objection | I. paghingi ng pasya ng kapulungan |
| 10. second the motion | J. Kasapian |
| 11. Adjourn | K. pagtatalakayan |
| 12. Motion | L. Hilingin ang kaayusan |
| 13. Suggestion | M. Sang-ayon |
| 14. Minutes of Meeting | N. pasya |
| 15. Agenda | O. pagtutol |

## Pagnilayan Natin

Magaling at natapos mo ang SLK na ito! Ang mga kasanayang ating napag-aralan ay isa sa mga mahahalagang kakayahang dapat taglayin ng isang mag-aaral sa ikaapat na baitang. Ang kakayahang ito ay magbibigay ng kompyansa sa sarili lalo na sa isang lider ng isang pangkat o samahan sa paaralan.

Maligayang pagbati sa iyo!

# Susi sa Pagwawasto

**Payabungin Natin**

| | |
|---|---|
| 1. F | 11. E |
| 2. H | 12. D |
| 3. J | 13. C |
| 4. L | 14. B |
| 5. M | 15. A |
| 6. N | |
| 7. K | |
| 8. I | |
| 9. O | |
| 10. G | |

**Sanayin Natin**

**Panuto B:**

1. Silid ng paaralan
2. Hulyo3, 2020
3. ika-2:00 n.h

4-6. Iba-

7. Araw ng Pagpapahalaga sa kalikasan

8. Buwanang Pagdadaos ng Araw ng Pagpapahalaga sa Kalikasan

9. Ika-4:00 n.h.

**Sanayin Natin**

**Panuto A:**

1. Sisimulan natin
2. Bb. Kalihim
3. katitikan
4. Suman-ayon
5. Itaas
6. Pinagtibay
7. Itinitindig

**Gawin Natin**

1. Inihayag ko na sisimulan natin ang pulong
2. Bb. Kalihim, pakibasa ang katitika
3. Iminumungkahi ko
4. Iminumungkahi ko na pagtubayin
5. Itinitindig ko na ang pagpupulong

**Aralin Natin**

1. Pasalaysay
2. Pasalaysay
3. Patanong
4. Pakiusap
5. Padamdam

**Subukin Natin**

1. Samahang Kabayani

2. Ang pagdaraos ng buwan ng palatuntunan bilang parangal sa bayani na isinilang sa bawat buwan.

3. Paaralang Bagong Pag-asa sa silid ng kanilang guro sa HEKASI.

4. Oo. Naging maayos ang kanilang pulong dahil ginagamitan ito ng mga ekspresyong pormal.

5. Ang palatuntunan ay gaganapin tuwing unang Lunes ng Buwan pagkatapos ng pagpupugay sa watawat. Ang bawat baitang ay mamamahala sa palatuntunan. Maikli lang ang palatuntunan na nagtatampok sa kadakilaan ng bayani. Ito ay maaaring ipakita sa pamamagitan ng dula, awit, tula, akrostiks, sayaw at iba pa.

**Suriin Natin**

**Panuto A:**

1. Nais kong hilingin ang kaayusan ng pulong.

2. Bukas na ang mesa para sa inyong mga plano o mungkahing gawain.

3. Magalang ko pong iminumungkahi

4. Magalang ko pong iminumosyong sarhan na ang mesa sa pagtanggap ng mga mungkahi.

5. Iminosyon ni Karlos na sarhan na ang mesa sa pagtanggap ng mga mungkahi at pinangalawahan naman ito ni Zeny.

6. Isa-isa niyang binasa ang bawat mungkahing ibinigay. Kung suman-ayon, itaas ang kanang kamay. Itaas naman ang kaliwang kamay kung tutol.

7. Ngayon, sa oras ng ika-4:00 n.h. itinitindig ko na ang pagpupulong.

**Panuto B:**

1. Opisina ng Barangay
2. Agosto 21, 2019
3. ika-1:00 n.h.
4. Puno ng Barangay
5. 50 miyembro
6. 6 na miyembro
7. "Save Mother Earth"
8. A. Tree Planting B. maglinis ng estero at kanal
   C. wastong pagtapon ng basura/waste
   D. magsagawa ng reforestation
9. Ika-4:00 n.h.

**Panuto C:**

1. D
2. D
3. A
4. C

## Sanggunian

Bernardino-Gomez, Benedicta. Mga Laguman at Markahang Pagsubok sa Filipino- Ikaanim na Grado. DP Mabilog Enterprises, Unang Revisyon 2005, pp. 169-172.

Estrella, Greta R. Gintong Aklat sa Wika – Ikaanim na Grado. Cultural Publisher, 2000, pp. 8-12

**For inquiries or feedback, please write or call:**

Department of Education – Region XI

F. Torres St., Davao City

Telefax:

Email Address: lrms.regionxi@deped.gov.ph